

May tungkulin ang lahat pagdating sa kaligtasan...

Tanggapin natin, maraming responsibilidad ang mga employer pagdating sa kalusugan at kaligtasan sa trabaho. Mula sa mga kinakailangan para sa masusing pagsasanay at regular na mga imbestigasyon hanggang sa pagbuo ng patakaran at pangangasiwa ng komite, maraming pasanin ang mga pinuno sa ating industriya.

Maaaring natatandaan ninyo ang [artikulong ito](#) kung saan sinuri natin ang apat na karapatan na mayroon ang mga manggagawa sa Manitoba pagdating sa kalusugan at kaligtasan. Gayunpaman, ang mga karapatang pinag-usapan natin noong Setyembre ay may kaakibat na ilang responsibilidad na kailangang sundin ng mga manggagawa.

Ang lahat ng responsibilidad na ito, para sa mga carrier na pinangangasiwaan pareho ng pederal at lalawigan, ay makikita sa alinman sa Canada Labour Code Part II o Manitoba Workplace Safety & Health Act [Seksyon 5](#) ng Manitoba Workplace Safety and Health Act; mga carrier na pinangangasiwaan ng pederal, mangyaring tingnan ang [Seksyon 126](#) ng Canada Labour Code Part II).

Bagaman magkapareho lang ang mga responsibilidad sa parehong batas, mahalagang malaman kung aling pangkat ng mga responsibilidad ang dapat ninyong tingnan (kung gusto ninyo ng ilan pang impormasyon sa kung paano tinutukoy ang hurisdiksiyon na maaaring magpatupad ng batas, mangyaring tingnan ang [nakakatulong na mapagkukunan na ito](#) ng Canadian Centre for Occupational Health and Safety).

Bagaman makikita sa mga ibinigay na link ang mga detalye ng bawat seksyon, sa pangkalahatan, kasama sa mga responsibilidad ng empleyado ang:

Ingatan ang inyong sarili at ang iba

Tingnan ang: Seksyon 5(a) ng MB Workplace Safety & Health Act, o ang CLC Part II, seksyon 126(1)(c)

May responsibilidad ang bawat manggagawa na makatwirang ingatan ang kanilang sarili; gayunpaman, mahalaga rin na protektahan ng mga empleyado ang kaligtasan ng kanilang mga kasamahan sa trabaho. Ang kaligtasan ay isang bagay na nakakaapekto sa ating lahat, kaya ang pangangalaga sa iba ay isa sa pinakamahalagang responsibilidad ng manggagawa.

Sundin ang batas

Tingnan ang: Seksyon 5(e) ng MB Workplace Safety & Health Act, o CLC Part II, seksyon 126(1)(i)

Ang pagsigurong hindi lalabagin ang batas ay hindi isang bagay na kailangang isaalang-alang lang ng mga employer. Kapag nasa trabaho ang manggagawa, kailangan nilang siguruhing sumusunod sa alituntunin ang ginagawa nilang trabaho. Kailangang siguruhin ng mga manggagawa na hindi sila pabaya pagdating sa pagsunod sa batas.

May nakita kayo? Sabihin ninyo: iulat ang mga panganib at mapanganib na mga insidente sa trabaho

Tingnan ang: Seksyon 5(e) ng MB Workplace Safety & Health Act, o CLC Part II, seksyon 126(1)(g, h, j)

Nangunguna ang mga empleyado na tutukoy pagdating sa mga panganib sa trabaho. Kapag may nakitang mapanganib, may sira, o hindi ligtas na bagay ang manggagawa, may tungkulin siyang iulat ito. Ang anumang isyu na kinabibilangan ng kaligtasan ng mga tao sa lugar ay kailangang ipaabot kaagad sa, halimbawa, employer, supervisor, o miyembro/kinatawan ng komite ng kalusugan at kaligtasan.

Gumamit ng PPE at iba pang gamit na pangkaligtasan

Tingnan ang: Seksyon 5(e) ng MB Workplace Safety & Health Act, o CLC Part II, seksyon 126(1)(a)

Hindi hinihiling sa mga manggagawa na magsuot ng steel toed boots para lang magmukhang maganda. Ito ay responsibilidad ayon sa batas na magsuot ang lahat ng manggagawa at gumamit ng lahat ng personal na kagamitang pamproteksyon na magpapanatili sa kanilang ligtas sa trabaho. Ito man ay pagsusuot ng hi-vis na damit, paggamit ng hazard kit ng truck, o pagsusuot ng seatbelt, ang lahat ng empleyado ay mayroong responsibilidad na gamitin ang kasuotang pangkaligtasan na ibinigay sa kanila.



» RISK. PROFESSIONALLY MANAGED.

Telepono: 204-632-6600 | Email: info@rpmsafety.ca | Web: www.rpmsafety.ca

Address: 25 Bunting Street Winnipeg, MB R2X 2P5

May tungkulin ang lahat pagdating sa kaligtasan...

Tanggapin natin, maraming responsibilidad ang mga employer pagdating sa kalusugan at kaligtasan sa trabaho. Mula sa mga kinakailangan para sa masusing pagsasanay at regular na mga imbestigasyon hanggang sa pagbuo ng patakaran at pangangasiwa ng komite, maraming pasanin ang mga pinuno sa ating industriya.

Pakikipagtulungan sa mga kinatawan, komite ng kaligtasan sa trabaho at iba pa

Tingnan ang: Seksyon 5(e) ng MB Workplace Safety & Health Act, o CLC Part II, seksyon 126(1)(b, d, e, f)

Ang mga komite, kinatawan, mga opisyal sa kaligtasan at iba pang partido sa trabaho ang bumubuo sa mahalagang bahagi ng sistema ng kaligtasan sa trabaho sa Manitoba. Kung wala sila, hindi gagana nang tama ang ating buong sistema ng kaligtasan sa trabaho. Ang mga manggagawa ay mayroong responsibilidad na makipagtulungan sa mga taong ito na may ginagampanang mahalagang tungkulin sa ating industriya. Ito ay maaaring mangahulugan sa pagsagot sa mga tanong tungkol sa mapanganib na insidente, pagsunod sa mga pamamaraan sa kaligtasan na ipinapatupad ng employer, o marami pang iba.

Interesado ba kayong magbasa pa? Tingnan ang mga sumusunod na link:

- Fact sheet ng CCOHS tungkol sa [pag-uulat ng mga panganib](#)
- Fact sheet ng CCOHS tungkol sa [mga responsibilidad](#)
- Basahin ang tungkol sa [personal na kagamitang pamproteksyon](#)
- Basahin ang tungkol sa [mga komite at kinatawan](#)
- Basahin ang tungkol sa [mga opisyal sa kaligtasan](#)

Kailangan mo ba ng higit pang impormasyon? Makakatulong ang RPM!

Ang safety culture ay maaaring maitatag at magawa ng mga employer at pamununan sa pagsisilbing bilang halimbawa. Ang ilan sa mga kursong ibinibigay ng RPM kaugnay sa pamumuno ay kinabibilangan ng Principles of Safety & Health Management (Mga Prinsipyo ng Kaligtasan at Pamamahala ng Kalusugan), Safety and Health Leadership (Pamumuno sa Kaligtasan at Kalusugan), Safety for Supervisors (Kaligtasan para sa Mga Supervisor), at Train the Trainer – Theory (Sanayin ang Tagapagsanay na Teorya).

Pakitandaan na ibinibigay ang mga kurso ng RPM sa mga kumpanyang nakarehistro sa RPM lang. Dapat nakarehistro ang inyong kumpanya sa RPM at nasa proseso ng pagkuha ng sertipikasyon o dapat nakakuha ng Certificate of Recognition mula sa SAFE Work Manitoba Trucking. Hindi pa nakarehistro sa programa ng RPM? Ngayon ang magandang araw para magsimula!

Mangyaring makipag-ugnayan sa RPM sa pamamagitan ng pag-email sa info@rpmsafety.ca o pagtawag sa 204-632-6600, o sa pamamagitan ng pagbisita sa aming website na www.rpmsafety.ca.

